# Balitang Manmin

BILANG 154 ABRIL 17, 2016


# Ika-24 Anibersaryo ng Nissi Orchestra Ang Pandaigdigang Orchestra na Nakatuon sa Pagtugtog ng mga Papuri




Binubuo ng mga miyembro ng Manmin ang Nissi Orchestra. Noong Pebrero 28, 2016, ipinagdiwang nila ang kanilang ika-28 anibersaryo. Niluwalhati nila ang Diyos sa espesyal na pagtugtog ng dalawang awitin "Heavenly Glory" at "Our Praise 2." Binuo ang orchestra noong Marso 1, 1992 at magmula noon, malaki na ang naiambag nito sa pagbabahagi ng ebanghelyo at pagbuo ng kulturang Cristiano (Litrato 1, Peaceful Reunification Jubilee Convention, pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng kasarinlan ng Korea; Litrato 2, Taunang pagsasama sa agahan, pananalangin, at konsiyerto ng Korea-Russia; Litrato 3, Mahimalang krusada sa Russia noong 2003; Litrato 4-7, mga espesyal na kaganapan sa iglesya).

## Nailathala Na ang Librong Tutulong sa Pag-aaral ng Biblia – *Hidden Manna Vol. 1*

Noong Marso 20, 2016, inilathala ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Hidden Manna Vol. 1,* ito ang kasunod ng pang-lingguhang tulong sa pag-aaral na *Six-day Manna*. Ang mga librong ito ay nagsisilbing pantulong sa pag-aaral ng Biblia.



May dalawang bahagi ang librong ito. Ang unang bahagi ay "Beautiful Goodness of the Forefathers of Faith", ipinapakita nito ang buhay at pananampalataya ng mga ninuno ng pananampalataya na humaplos sa puso ng Diyos tulad ni Elias, Moises, Apostol Pablo, at Maria Magdalena. Matututuhan ng mga magbabasa ang pinakamataas na antas ng kabutihan at pag-ibig na ipinakita ng mga ninunong ito sa harapan ng Diyos. Matutuklasan din nila ang mga paraan sa pagtanggap ng mga kasagutan at mga biyaya.

Malinaw ang pagpapaliwanag ng pangalawang bahagi, "The Measure of Faith Alotted by God", ang proseso ng paglago ng pananampalataya mula noong pagtanggap natin kay Jesu-Cristo hanggang marating natin ang perpektong pananampalataya ng pagiging banal na nakakalugod sa Diyos. Magkakaroon ng pagkakataon ang mga magbabasa na suriin ang sukat ng pananampalataya nila at mas malaking paghahangad para sa matatag na pananampalataya, pagiging espirituwal, at ng mas malalim na antas ng kabanalan.

Inilathala ang *Hidden Manna Vol. 1* kasabay ng pagdiriwang para sa taong 2016 ng Pasko ng Pagkabuhay. Umaasa kami na maraming magbabasa ng librong ito para lumago sila sa pananampalataya, makamit ang kapuspusan ni Cristo, magkaroon ng pinakamataas na antas ng kabutihan kung saan kayang isuko ang sariling buhay kahit para sa mga kaaway, at makapasok sa Bagong Jerusalem.

## Pagsamba para sa Pagdiriwang ng Anibersaryo ng Tatlong Sangay na Iglesya sa Japan at mga Pagpupulong na may Panyo

Mula Pebrero 27 – Marso 3, 2016, si Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Patnubay na Pastor ng Manmin, ang nagbahagi ng mensahe sa mga pagsamba para sa anibersaryo ng tatlong sangay na iglesya sa Iida at Tabata, Tokyo, Japan. Nagdaos din siya ng mga pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling.



Inihatid ni Rev. Lee ang mga mensaheng "Faith" (Pananampalataya), "Sincere Heart" (Pusong Tapat), at "God-pleasing Faith" (Pananampalatayang Nagbibigay ng Lugod sa Diyos). Hinikayat niya ang mga miyembro na tularan ang mga ninuno ng pananampalataya, may pagtitiwala at pagsunod. Ipinaliwanag niya na para maisakatuparan ang mga ito, mahalaga ang maalab na pananalangin.

Pagkatapos, idinalangin niya ang mga maysakit gamit ang panyong dinalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Maraming gumaling mula sa kanilang karamdaman tulad ng autism, impeksyon sa tainga, eksema, at rhinitis. Marami rin ang nakalaya sa mga pananakit sa iba't ibang bahagi ng katawan. Luminaw ang mga paningin ng iba.

Nagkaroon din ng pakikisama si Rev. Lee sa mga manggagawa ng iglesya, hinikayat niya ang mga ito na maging masigasig sa pagsabay sa daloy ng kabanalan at gumawa ng may tunay na pananampalataya at pagtitiwala.





Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Diyos na Manlilikha

"Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa."
(Genesis 1:1)

Kung Cristiano kayo, dapat naiintindihan ninyo ng malinaw kung bakit inilagay ng Diyos na Manlilikha ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden, kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas ng sangkatauhan, at kung bakit gumawa ang Diyos ng Impiyerno.

Ipangaral dapat ng mga iglesya ang sagot sa mga tanong tungkol sa mga paksang ito, at ituro sa mga mananampalataya ang kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan sa krus na may malalim at mahimalang kahulugan na inilihim bago pa magsimula ang panahon. Kapag natanto ninyo ito, magkakaroon kayo ng tunay na pananampalataya. Higit sa lahat, makikilala ninyong mabuti ang Diyos na Manlilikha.

## 1. Ang Diyos na lumikha ng langit, ng lupa, at ng lahat ng bagay na narito

May mga taong nagsasabing walang Diyos. Sumasamba naman ang iba sa mga diyos na ginawa ng tao ayon sa kanilang imahinasyon o mga imahe ng mga hayop. Pero ang nag-iisang Diyos ay ang ating Diyos na Manlilikha.

Totoong may Diyos, kahit hindi natin Siya nakikita. Siya ang Manlilikha at Tagapamahala ng lahat ng bagay sa sansinukob, kabilang na ang sangkatauhan. Siya ang Hukom. Nangingibabaw Siya sa tao na Siya rin ang lumalang, at napakadakila Niya. Ang Diyos ay hindi madaling ipaliwanag ng isang tao. Hindi niya lubos na maiintindihan ang Diyos kahit sa masusing pag-iisip at pag-aaral niya dahil limitado ang kaalaman niya. Nakasulat sa Biblia ang malinaw na kasagutan sa lahat ng bagay na ito.

Sinasabi sa atin ng Genesis 1:1, "Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa." Mula sa wala, nilikha ng Diyos ang langit at lupa sa loob ng anim na araw sa pamamagitan ng Salita. At sa ika-anim at huling araw ng paglikha, nilalang Niya si Adan, ang pinakauna sa sangkatauhan.

Dahil ang tao ay nilalang ng Diyos, nadadama at nababatid niya na may mahimala at higit sa karaniwang katauhan sa kaibuturan ng puso niya. Mababasa natin sa Eclesiastes 3:11, "Ginawa Niya ang lahat ng bagay na maganda sa kapanahunan niyon; inilagay rin Niya ang walang hanggan sa isipan ng tao." Dahil inilagay Niya ang 'walang hanggan sa isipan ng tao', tinatanggap at hinahanap ng mga taong may mabuting konsiyensya na mayroong diyos kahit hindi pa niya naririnig at nalalaman ang tungkol sa tunay na Diyos.

Mababasa sa Mga Taga-Roma 1:20, "Mula pa nang likhain ang sanlibutan, ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos, bagaman hindi nakikita, ay naunawaan at nakita sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyang ginawa, upang wala silang maidadahilan." Ipinapaalala sa atin ng talatang ito na kahit hindi natin nakikita ang Diyos, batid nating Siya ang buhay at nag-iisang Manlilikha.

## 2. Ang mga pruweba na nagpapatunay sa atin tungkol sa Diyos na Manlilikha

Una, maaaring magkakaiba ang anyo, wika, kultura, at kulay ng balat ng mga taong nagmumula sa magkakaibang lahi at tribo. Pero ang bawat isang tao dito sa mundo ay pare-parehong may dalawang mata, dalawang tainga, isang ilong, at bibig, at ang mga ito ay nasa magkakaparehong lugar sa mukha ng tao. Bukod dito, kahit may kaunting pagkakaiba sa mga hayop, ibon, insekto, at isda ayon sa likas na katangian ng bawat isa, may pagkakapareho pa rin ang paglikha sa kanila. Nagpapatunay ito na dinisenyo at hinubog sila ng nag-iisang Manlilikha.

Kung maraming manlilikha, bawat isa sa kanila ay nagplano at humubog ng tao at hayop ayon sa personal nilang kagustuhan. Sa kabilang banda, sinasabi ng mga naniniwala sa teorya ng ebolusyon na ang sangkatauhan ay mula sa mas mataas na klase ng hayop, na nagmula naman sa mas mababang klase ng buhay na bagay. Pero mababasa natin sa Genesis 1:21, "Kaya't nilikha ng Diyos ang mga dambuhala sa dagat at ang bawat nilalang na may buhay na gumagalaw na ibinukal ng tubig ayon sa kanya-kanyang uri. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti," mula pa noong simula, nilikha na ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa sariling klase at anyo nito.

Hindi nagmula sa isda ang mga nilalang na nasa lupa, at ang mga ibon ay hindi nagmula sa mga nasa lupa. Hindi nagmula sa unggoy ang tao; sa simula pa lang, nilikhang unggoy ang mga unggoy, at ang tao ay nilikhang tao. Sa lahat ng nilalang ng Diyos, tao lang ang nilikha Niya na katulad ng anyo Niya, may espiritu, kaluluwa, at katawan. Kahit malapit sa anyo ng tao ang unggoy, hindi ito makakaintindi o makakasamba sa Diyos tulad ng isang tao na may espiritu.

Malinaw na pinapatunayan ang tungkol sa "Diyos na Manlilikha" ng mga pruwebang nakikita sa mga hindi maipaliwanag na bagay na nangyayari sa kalikasan. Umiikot ang mundo, nagkakaroon ng gabi at araw, apat na klase ng panahon sa ilang bansa, tag-ulan at tag-araw naman sa iba, lumalalim at bumababaw ang dagat, at humihihip ang hangin.

Ang kinalalagyan at paggalaw ng mga bagay sa kalangitan ay nasa tamang ayos para bumagay sa kapaligiran at makatulong sa lahat ng bagay na may buhay, kabilang na ang sangkatauhan. Tamang-tama lang ang layo ng araw sa mundo, o ang layo ng mundo sa buwan: hindi napakalapit o napakalayo ng araw, mundo, at buwan sa isa't isa, at mula noong nilikha ito walang pagkakamali ang pag-ikot ng mga ito. Hindi 'aksidenteng' nalikha ang sansinukob gaya ng sinasabi ng teoryang "Big Bang" ng mga naniniwala sa ebolusyon.

Halimbawa, batid natin na binubuo ng maraming maliliit na bahagi ang isang orasan, binuo ito para umandar ng maayos. Ipagpalagay nating may magsasabi, "Habang may pumuputok na bulkan, may nabuong orasan at nagsimula itong umandar." May maniniwala ba sa kwentong ito? Ngayon, paanong nagkaroon at sumulong sa napakaayos na paraan ang sansinukob na tinitirahan natin na higit na mas masalimuot kaysa sa orasan?

Lahat ng ito ay naging posible dahil ang bawat bagay sa sansinukob ay dinisenyo, nilikha, at umandar dahil sa karunungan ng Diyos. Dahil dito, walang makakapagsabi sa Diyos ng, "Hindi ko alam na totoong may Diyos!" pagdating ng Araw ng Paghatol.

## 3. Mga dahilan kung bakit hindi naniniwala ang mga tao sa Diyos

Bakit ayaw maniwala ng mga tao sa Diyos kahit nakikita nila ang malinaw na mga pruweba ng paglikha? Pinaniniwalaan ng mga tao ang mga bagay na nakikita at nahahawakan. Tinatanggap nila ang mga bagay na kayang intindihan ng kaalaman at isipan nila. Hindi nila kayang paniwalaan na may Diyos na hindi nakikita, mga tanda at himala na nakasulat sa Biblia, at iba pang bagay tulad nito. Gayon pa man, ang lahat ng ito ay totoo.

Tulad ng sinasabi ni Jesus sa Juan 4:48, "Malibang makakita kayo ng mga tanda at mga kababalaghan ay hindi kayo mananampalataya," mabubuwag ang kaalaman at saloobin ng mga tao kapag makakakita sila ng mga tanda at himala na hindi kayang gawin ng tao. Kapag nakakita, nakarinig, at nakaranas ang tao ng mga bagay na hindi magagawa ng tao, tatanggapin nila na totoo ang Salita ng Diyos.

Sa pamamagitan ng napakaraming pagpapakita ng kapangyarihan Niya, paulit-ulit na ipinapahayag ng Diyos sa Biblia na Siya ay buhay. Sa Faraon ng Ehipto at sa mga tagasunod niyang hindi naniniwala, nagpakita ang Diyos sa pamamagitan ng Sampung Salot. Pinatunayan ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos sa pagpapakita ng mga tanda at himala, nagpagaling ng maysakit at mahina, nagpalayas ng demonyo, at bumuhay ng patay si Apostol Pablo sa pangalan ni Jesu-Cristo.

Kinakailangan din ng pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa henerasyon natin ngayon. Para sa mga mananampalataya, ang kapangyarihan ng Diyos ay tiyak na pruweba para paniwalaan nila ang buhay na Diyos na Manlilikha. Magmula ng itatag ang Manmin Central Church, hindi mabilang na mga tanda at himala ang naipakita. Mas nagiging dakila pa ang ipinapakitang kapangyarihan ng Diyos habang lumilipas ang panahon.

Mga kapatid kay Cristo, ang mga pruwebang nagpapatunay na may Diyos ay malinaw na makikita sa bawat isang nilalang sa sansinukob, sa mga tanda at himala, at pagpapakita ng kapangyarihan Niya. Sa pagtalima sa Kanya at pagsunod sa mga utos Niya, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maranasan nawa ninyo ang kapangyarihan Niya at luwalhatiin Siya ng buong puso.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitang Manmin
Tagalog
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

T.

# Ligtas Ba ang mga Namatay na Hindi Nakarinig ng Ebanghelyo?



Mababasa sa Ang Mga Gawa 4:12, "Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." Paano ang mga nabuhay noong panahon ng Lumang Tipan bago ipako sa krus si Jesus para maligtas ang sangkatauhan, o ang mga namatay na hindi nakarinig ng ebanghelyo?



S.

Ibinigay ng mapagmahal na Diyos ang tanging Anak Niya at ginawa itong sakripisyong pambayad para tubusin at iligtas ang sangkatauhan. Namatay si Jesus nang dumanak ang mahalagang dugo Niya sa krus at muli Siyang nabuhay bilang Tagapagligtas. Sinuman ang personal na tatanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas ay papatawarin sa lahat ng mga kasalanan nila at maliligtas.

Paano ang mga taong nabuhay noong panahon ng Lumang Tipan o ang mga hindi nagkaroon ng pagkakataon para marinig ang ebanghelyo? Hindi ba sila ligtas dahil hindi nila narinig ang Mabuting Balita? Inihanda ng Diyos na Makatarungan ang daan patungo sa kaligtasan para sa mga taong tulad nito. Ito ay sa pamamagitan ng Paghatol ng Konsiyensya.



### ◆ Paghatol ng Konsiyensya, para sa mga taong sumunod sa Kautusan dahil sinunod nila ang kanilang konsiyensya

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 2:14-15, "Sapagkat kung ang mga Hentil na likas na walang kautusan ay gumagawa ng mga bagay ng kautusan, ang mga ito, bagaman walang kautusan, ay siyang kautusan sa kanilang sarili. Kanilang ipinakita na ang hinihiling ng kautusan ay nakasulat sa kanilang mga puso, na rito'y nagpapatotoo rin ang kanilang budhi, at ang kanilang mga pag-iisip ay nagbibintang o nagdadahilan sa isa't isa."

Ibinigay ng Diyos ang Kautusan sa mga mamamayan ng Israel noong panahon ng Lumang Tipan at ito ang naging pamantayan para sa kaligtasan. Naligtas ang mga sumunod at gumalang sa Kautusan. Pero ibinigay ito sa mga pinili, mga mamamayan ng Israel. Walang Kautusan ang mga hindi Israelita, ang mga Hentil.

Bago dumating si Jesus dito sa mundo, hinatulan ang mga Hentil ayon sa mga gawa nila ayon sa kanilang konsiyensya. Kapag sumusunod sila sa kabutihan at hindi sa kasamaan ayon sa kanilang konsiyensya, tinatanggap ito bilang pagsunod sa Kautusan. Kung gumagawa sila ng kasamaan at lumalaban sa kanilang konsiyensya, o kung hindi nila ginawa ang mabuti ayon sa konsiyensya nila, parang nilabag na rin nila ang Kautusan.

Ang mga gawa bilang pagsunod sa konsiyensya ang naging pamantayan para sa kaligtasan ng mga Hentil, at naligtas sila ayon sa kapangyarihan ng Kautusan na nakaukit sa mga puso nila. Ito ang Paghatol ng Konsiyensya.

### ◆ Mataas na Libingan at Mababang Libingan – bilang lugar na hintayan

Hindi agad pumunta sa Langit ang mga karapat-dapat maligtas ayon sa Paghatol ng Konsiyensya nang namatay sila. Napunta sila sa Mataas na Libingan, dito sila naghihintay bago pumunta sa Langit. Sa kabilang banda, mayroon ding Mababang Libingan, dito naghihintay bago pumunta sa Impiyerno. Ang mga 'libingang' ito ay nasa espirituwal na kaharian, ilang beses itong binanggit sa Biblia.

Nakasulat sa ika-16 kabanata ng aklat ng Lucas ang talinhaga tungkol sa isang mayamang lalaki at isang mahirap na lalaki na tinawag na Lazaro. Makikita natin dito ang pagsasalarawan ng Mataas na Libingan at Mababang Libingan, ang mga lugar na hintayan ng mga namatay na. Habang nabubuhay sa mundo, kinakain ni Lazaro ang mga pagkaing nalalaglag mula sa hapag kainan ng mayaman. Sinamba ni Lazaro ang Diyos ng taos-puso, kaya nang mamatay siya, dinala siya ng mga anghel sa kandungan ni Abraham sa Mataas na Libingan. Pero, ang mayamang lalaki na nabuhay araw-araw sa karangyaan dito sa lupa ay inilagay at nagdusa sa apoy ng Mababang Libingan.

Inilalarawan ng Isaias 14:9 ang Mababang Libingan kung saan nawawala ang lahat ng karangyaan ng masasamang tao, nagdurusa sila dito. Kung ang Mababang Libingan ay para sa pagdurusa ng masasamang tao, ang Mataas na Libingan ay para sa mga karapat-dapat maligtas. Nakasama ni Lazaro si Abraham doon. Ang mga naligtas ayon sa Paghatol ng Konsiyensya dahil sa mga ginawa nila ayon sa kanilang mabuting konsiyensya ay nanatili doon at hindi nagdudusa.

### ◆ Narinig nila ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo sa Mataas na Libingan

Sa Juan 5:28 sinabi ni Jesus, "Huwag ninyong ipagtaka ito, sapakat dumarating ang oras na ang lahat ng nasa libingan ay makakarinig ng Kanyang tinig." Sinabi Niya na ipapangaral Niya ang ebanghelyo sa kanila pagkatapos Niyang mamatay sa krus.

Ang itinutukoy na 'lahat ng mga nasa libingan' dito ay ang mga namatay bago magsimulang mangaral ng ebanghelyo si Jesus dito sa lupa. Sinabi Niyang maririnig nila ang 'Kanyang tinig'. Narinig ng mga taong nasa Mataas na Libingan ang ebanghelyo mula sa Kanya at dinala sila sa Langit dahil naligtas sila sa pangalan ni Jesu-Cristo.

Pagkapako sa Kanya sa krus, pumunta si Jesus sa Mataas na Libingan at ipinangaral ang ebanghelyo sa loob ng tatlong araw. Dinala Niya ang ebanghelyo sa mga espiritu na karapat-dapat maligtas. Binuksan Niya ang daan patungo sa kaligtasan sa mga hindi nakarinig ng ebanghelyo.

Sinasabi sa Mateo 12:40, "Sapagkat kung paanong si Jonas ay nasa tiyan ng isang dambuhala sa dagat sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi, gayundin naman ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabing mapapasailalim ng lupa."

Ayon sa 1 Pedro 3:19, "Gayundin, Siya ay pumunta at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan." Inilalarawang 'bilangguan' ang Mataas na Libingan dito. Hindi nangangahulugang parang bilangguan ang lugar na ito. Ipinapakita lang dito na may limitasyon ang lugar na ito kung ikukumpara sa Langit.

Kahit pagkatapos umakyat sa Langit ni Jesus, naririnig ng mga nasa Mataas na Libingan dahil sa Paghatol ng Konsiyensiya ang ebanghelyo mula sa mga mamamayan ng Diyos. Kaya kung ang kabutihan ng konsiyensya ng isang tao ay sapat para maligtas siya, dinadala sila sa Mataas na Libingan, naririnig nila na si Jesus ang Cristo, at kung pagtitiwalaan nila ito, pupunta sila sa Langit. Walang hindi maliligtas dahil hindi nila narinig ang ebanghelyo.

Magkakaiba ang ibinibigay na kaluwalhatian ng Diyos sa bawat isa sa Langit. Ito ay ayon sa kabutihan at katuwiran ng konsiyensya nila. Tumpak at walang mali at may pag-ibig ang paghatol Niya kaya nakikinabang ang lahat.

# "Iningatan Ako ng Panginoon sa Malaking Aksidente"

Diakono Sanghwa Park, 54 taong gulang, Parokya 1, South Korea


Noong Enero 15, 2016, mga ika-3:30 ng hapon, nagmaneho ako ng isang toneladang trak sa Geyeongbu Expressway sa bilis na 100km bawat oras. Biglang huminto ang isang mas malaking trak sa harapan ko! Naramdaman ko agad na magkakaroon ng malaking aksidente na baka ikamatay ko. Nanalangin ako, "Diyos Ama ko, ingatan Mo po ako!" At ipinikit ko ang mga mata ko.

Wala na akong oras para huminto, bumangga ang sasakyan ko sa malaking trak, bang! Nang imulat ko ang mga mata ko, nakita kong basag ang salamin ng sasakyan ko at nabaluktot ang harapan nito.

Nakaramdam ako ng matinding sakit sa mga tuhod ko pero nang tanggapin ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System, nawala ang pananakit. Hindi ako makalabas sa sasakyan ko, nakulong ako doon ng may 20 minuto. Mapayapa ang damdamin ko dahil natiyak ko na iningatan ako ng Diyos.

Tinulungan akong makalabas sa sasakyan ng mga miyembro ng 119 rescue team. Nabigla sila nang makita nilang ni hindi ako nasaktan. Tinanong nila ako, "Totoo bang wala kang pinsala pagkatapos ng malaking aksidenteng ito?" Nagpasuri ako sa malapit na ospital, at natiyak ko na walang kahit na anong problema sa buong katawan ko. Nabalitaan ko na nagkabanggaan ang mga kotse sa harapan ng malaking trak na nasa harapan ko kaya bigla itong huminto. Dahil dito nadamay ako sa aksidente.





Biyernes noon, kaya pumunta ako sa iglesya tulad ng dati kong ginagawa para tumulong sa pagsasaayos ng trapiko sa daan patungo sa iglesya. Lider ako ng grupo ng nagboboluntaryo sa Manmin. Mas masaya pa ako sa ginagawa ko ngayon dahil damang-dama ko ang pagpapasalamat sa pagpapala ng Diyos. Kapag iniisip ko ang nangyaring aksidente, higit pa ang pagpapasalamat ko sa pag-ibig ng Diyos.

Kung nabaluktot pa ng 1 sentimetro ang harapan ng sasakyan ko, naipit na ang mga tuhod at katawan ko. Magiging mapanganib na ang kalagayan ko. Pero, iningatan ako ng Diyos ng pag-ibig, hindi ako napinsala. Bukod dito, hindi tumama sa mukha ko ang mga basag na salamin ng sasakyan. Wala akong ginastos sa pagpapagawa ng sasakyan dahil protektado ito ng insurance.

Dalawang buwan na ang lumipas magmula noong mangyari ang aksidente, malusog ako at walang masasakit at pinsala sa katawan. Maligaya ako at may bagong buhay, isinusulong ko ang mahahalagang araw patungo sa pinakamabuting tirahan sa langit, ang Bagong Jerusalem. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos at ang Panginoon na palaging nag-iingat sa akin.

# "Gumaling ang Altapresyon Ko at Bumalik ang Pandinig ng Asawa Ko"

Kapatid na Sunisa Jaengjareon,
62 taong gulang,
Chiang Rai Manmin Church, Thailand




Nakilala ko ang asawa ko habang nagtatrabaho ako bilang 'guide' sa isang ahensya na may kinalaman sa paglalakbay sa Bangkok, nagpakasal kami. Tumutugtog ang asawa ko sa isang hotel, malaki ang bayad sa kanya doon. Pero, noong 2014, lumipat kami sa Chiang Rai at mula noon, sinubukan niyang magnegosyo, panaderya, kapehan, mga damit, pero nalugi lahat ng ito. Walang natira sa amin.

Sa halip na damayan kami, sinisi kami ng mga kapit-bahay namin. Ginawa nila ito dahil bulag ang asawa ko. Samantala, noong Nobyembre 29, 2015, isinama ako ni Diakonesa Tittikan, na naninirahan malapit sa amin, sa Chiang Rai Manmin Church.

Namangha ako sa unang pagsamba na dinaluhan ko, bago sa akin ang lahat. Dumadalo ng pagsamba ng Manmin Central Church ang mga tao sa South Korea sa pamamagitan ng GCN (www.gcntv.org). Lahat ng bagay dito ay bago at maganda para sa amin...ang santuwaryo, ang mga miyembro, ang mga awitin ng choir, at ang Nissi Orchestra. Napakadaling maintindihan ng sermon ni Dr. Jaerock Lee, damang-dama ko ang katapatan niya, naantig ang damdamin ko.

Sinimulan naming mag-asawa na daluhan din ang pulong-panalanging Daniel bukod pa sa mga pagsamba. Nagsikap kaming mabuhay ayon sa Salita ng Diyos. Binasa namin ang librong talambuhay ni Dr. Lee na *Buhay Ko, Pananalig Ko* at pinakinggan namin ang sermon niya na "The Message of the Cross." Natututuhan na namin ang tungkol sa pag-ibig at kalooban ng Diyos..

Noong Disyembre 13, araw ng Linggo, dalawang linggo na ang nakaraan nang magrehistro ako sa iglesya. Tinanggap ko noong araw na iyon ang panalangin ni Dr. Lee para sa maysakit sa GCN pagkatapos ng sermon. Nakakabigla, nakarinig ang kaliwang tainga ng asawa ko. Nawala ang pandinig nito noon dahil sa impeksyon. Malinaw na siyang nakakarinig at nawala na din ang impeksyon. Gumaling na rin ang altapresyon ko, 31 taon na akong binabagabag nito, pati na ang impeksyon ko sa pantog. Hallelujah!

◆◆◆

Bulag na ang asawa ko nang ipanganak siya, palagi niyang inirereklamo ang kalagayan niya. Pero ngayon, habang pinapakinggan ang mga sermon ni Dr. Lee, natanto niya ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Gusto niyang ibigay sa mga anak niya ang mabubuting bagay. Masaya na ang buhay niya ngayon, nagpapasalamat. Sinabi niyang nagpapasalamat siya dahil hindi niya nakikita ang mga bagay sa mundo na nagiging dahilan ng pagkakasala.

Higit sa lahat, sinabi ng asawa ko na kapag may mga katanungan siya, sinasagot ito ng Punong Pastor sa mga sermon niya, parang batid nito kung ano ang katanungan na nasa puso niya. Nang makita namin ang mahalagang iglesyang ito na nagdadala ng buhay, malaki ang ipinagbago ng buhay namin. Nag-aalala kami noon bawat araw tungkol sa hinaharap, pero ngayon, ipinauubaya na namin lahat sa Diyos. Hindi na namin inaalala kung ano ang kakainin at iinumin namin. Mapayapa ang buhay namin.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos ng pag-ibig na nagpagaling sa amin mula sa aming mga sakit, binigyan Niya kami ng tunay na kaligayahan at pag-asa.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City, Cebu,
Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714